Plunder uli ikinakasa kontra sa GM ng PPA

PAGSIBAK KAY CUSI IHIHIRIT KAY GM

ALFONSO CUSI

DUELO NG 2 PARAK, 1 GRABE

SA PAHINA 3

ST
O
M
A

HABANG i
man ang k
o plunder l
ger ng Phi
na si Alfons

PAGSIBAK KAY CUSI IHIHIRIT KAY GMA ... PAHINA 1

ay isinabay ng isang consumers complaint firm ang panawagan kay Pangulong Arroyo na sibakin na sa puwesto ang nasabing opisyal dahil sa umano'y sunod-sunod na maanomalyang mga transaksiyon na pinasukan nito.

Sa kanilang mga sinumpaang salaysay para sa kasong plunder at pangungurakot laban kay Cusi, sinabi ng mga kinatawan ng Consumer Complaint Center, Inc. na nilabag ng PPA general manager at ilang kasabwat nito ang batas sa malawakang pandarambong o plunder at ang batas kontra sa mga nangungurakot sa gobyerno nang pumasok ito sa isang kasunduan na ikalulugi ng PPA na isang ahensiya ng gobyerno.

Ipinaliwanag nina Ariel T. Lim at Vicente F. Gambino, mga kinatawan ng maghahablang consumers complaint firm, na noong Marso 31, 2003 ay sumang-ayon si Cusi at mga kakutsaba nito na aregluhin sa labas ng korte ang isang reklamo laban sa PPA sa halagang doble umano sa hinihingi ng nagrereklamo.

"Nakakagulantang sa isipan yong ginawa ng grupo ni Cusi na bayaran ng P44 milyon ang Blue Crown Marine and Hydro Services samantalang humihingi lamang ito, batay sa reklamong inihain sa hukuman, ng P20.4 milyon para sa danyos at iba pang bayarin," pahayag nina Lim at Gambino.

Ang Blue Crown ay isang pribadong kompanya na naunang binigyan ng kontrata ng PPA upang mangasiwa sa distribusyon ng tubig sa buong lugar na sinasaklawan ng PPA sa North Harbor, lungsod ng Maynila.

Naudlot ang kontrata ng nasabing kompanya makaraang magkaroon ng sigalot sa pagitan ng ilang taga-PPA at ng Blue Crown na kung saan naghabla sa korte ang huli dahil hindi umano tumupad sa kontrata ang pamunuan ng PPA.

Sa kanilang reklamo sa korte ay humingi ng mahigit beynte milyones ang Blue Crown bilang kabayaran sa umano'y perwisyong idinulot ng hindi pagtupad sa kontrata ng PPA.

"Ang nakakagulat ay nakipagsundo sina Cusi sa isang out-of-court settlement na kanilang babayaran ang Blue Crown pero hindi sa halagang hinihingi nito kundi mahigit pa sa doble na maliwanag pa sa sikat ng araw na isang paglabag sa batas," dagdag na pahayag nina Lim at Gambino.

Ayon sa mga kinatawan ng consumers complaint firm, ang kabuuhang mawawala sa gobyerno dahil sa kasunduang pinasukan ng mga taga-PPA ay aabot sa P144 milyon, na siyang dahilan kung bakit plunder ang isasampang kaso ng mga ito laban kina Cusi.

Matatandaang nasampahan na rin ng dalawa pang plunder si Cusi dahil sa pag-award nito ng mga kontratang nagkakahalaga ng mahigit P300 milyon para sa Improvement ng Manila Slipway sa Manila North Harbor.

(REMATE INVESTIGATIVE TEAM)